



Nobyembre 9, 2015

**MEMORANDUM PANSANGAY**

Blg. 207 S. 2015

**2015 COMMUNICATION ARTS FESTIVAL (FILIPINO)**

**Sa mga :** Tagamasid Pampurok sa Elementarya

Punongguro

Taga-ugnay sa Filipino

Ulong-guro sa Filipino

Tagasanay

Opisyales ng Samahan ng mga Taga-ugnay sa Filipino sa Camarines Sur (SATAFIL)

1. Ang kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Camarines Sur sa pakikipagtulungan ng Samahan ng mga Taga-ugnay sa Filipino sa Camarines Sur (SATAFIL) ay nakatakdang magdaos ng kompetisyon sa iba't ibang larangan sa Wika at Panitikan. Ang paligsahan ay gaganapin sa darating na Nobyembre 27, 2015 sa Baao West Central School, Baao, Camarines Sur.
2. Ang gawaing ito ay pinamagatang Communication Arts Festival 2015 antas Elementarya na may sumusunod na layunin;
  - a. Mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang angking kaalaman na natutuhan sa Wika at Pagbasa, kahusayan at kawilihan sa pagkukuwento at pagbigkas.
  - b. Paigtingin ang kasanayan sa pagsasagawa ng isang inihandang Balagtasan.
  - c. Mapaunlad at mapatatag ang kasanayan ng mga mag-aaral tungkol sa patimpalak.
3. Ang sumusunod na paligsahan ay dadaluhan ng mga taga-ugnay, tagasanay, at kalahok ng bawat purok.

Event	BAITANG	BILANG NG KALAHOK	BILANG NG TAGASANAY
Masining na Pagkukuwento	Baitang I/II/III	1	1
Tagisan ng Talino	Baitang IV,V,VI	3	1
Balagtasan	Baitang VI	3	1
Kabuuan		7 bawat purok	3 bawat purok

4. Ang paligsahan sa Masining na Pagkukuwento at Balagtasan ay magkakraon ng kompetisyon para sa pangkongresyunal na lebel sa umaga maliban sa Tagisan ng Talino na kung saan lahat na kalahok ng bawat purok ay sabay sabay na magtatagisan ng talino sa bulwagan para sa pandibisyon na lebel.
5. Ang mananalò sa paligsahan sa kongresyunal na lebel sa Masining na Pagkukuwento at Balagtasan ay siyang kakatawan para sa pandibisyon na lebel na gaganapin sa hapon.
6. Ang tatlong nanguna sa paligsahan sa bawat larangan ang hihirangang panalo.
7. Ang pamasahé ng mga kalahok ay maaring kunin sa local na pondo ng paaralan/MOOE o sa pondo ng organisasyon ng paaralan na sasailalaim sa nakagawiang pagsusuma at pag-aawdit.
8. Kalakip nito ang mekaniks ng paligsahan, lupon ng mangangasiwa, at mga nakatalagang lupon ng inampalan.
9. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito sa mga kinauukulan.